

# BPI-LBNCRDPSC

## VISION

A recognized and leading Research Development and Production Support Center for lowland vegetables.

## MISSION

Generate crop farming technologies and produce quality seeds of lowland vegetables to ensure sustainable production.

## CORE VALUES

### SPICE IT!

**Service Orientation.** We are proactive and we value our clients.

**Professionalism.** We are competent and we abide with the government's Code of Ethics. We are fair and just in the delivery of our service to our clients and personnel.

**Integrity.** We are transparent, honest and accountable for our actions.

**Commitment.** We work with passion and dedication.

**Excellence.** We produce the best results.

**Innovative.** We find new solutions.

**Teamwork.** We exercise partnership and camaraderie.

Inihanda nina:

Herminigilda A. Gabertan, PhD/Agricultural Center Chief IV  
Lorna M. Tepper/Senior Agriculturist

Meanne P. Andes/Engineer II  
Jamil P. Cruz/Project Assistant II

Mula sa proyektong pinondohan ng  
Department of Science and Technology  
Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural  
Resources Research and Development

Empowering Los Baños Communities through Science-based  
Home and Community Gardening



Para sa karagdagang impormasyon,  
tumawag o sumulat sa:

### THE CENTER CHIEF

BUREAU OF PLANT INDUSTRY  
Los Baños National Crop Research,  
Development and Production Support Center  
4030 Los Baños, Laguna

- (049) 536-0285
- (049) 536-7931; 536-0285, 536-6462
- bpi\_losbanos@buplant.da.gov.ph
- Bureau of Plant Industry – Los Baños Center



**Department of Agriculture**  
**Bureau of Plant Industry**  
**Los Baños National Crop Research,  
Development and Production Support  
Center**

# GABAY SA PAGSISIMULA NG COMMUNITY GARDEN



# Community Gardening

Ang Community gardening ay pagtatanim ng halaman sa isang bakanteng lote sa komunidad. Ito ay sama-samang pagtatanim ng mga nagkakaisang mamamayan na ang layunin ay makapagtanim at makaani ng sariwang gulay at iba pang halaman para makain ng pamilyang kabahagi nito.

## Para sa pagsisimula ng community gardening


- Bumuo ng nagkakaisang mamamayan sa komunidad na mangunguna sa pagsisimula at pangangalaga sa community garden
- Pumili ng responsible at dedikadong lider
- Ihanda ang plano at mga patakaran sa pamamahala ng garden.

## Mga Kailangan sa Pagsisimula ng Garden

### Pumili ng tamang lugar

- Naarawan
- Lupang may sapat na halumigmig (moisture) at hindi naiimbakan ng tubig
  - Kung naiimbakan ng tubig, maglagay ng nakaangat na taniman (raised bed)
- Hindi masyadong mahangin
  - Magtanim ng mga halamang makatutulong upang maharangan ang malakas na hangin (windbreaks) gaya ng kakawate at malunggay. Itanim ito sa dakong norte o timog upang hindi makasagabal sa sikat ng araw
- Kung di sapat ang lupang taniman, magtanim sa mga bakanteng basyo gaya ng bote, plastik at sako
- Kung magtatanim sa mga basyo, plastik at iba pang container, alamin ang tamang halo ng lupang pagtataniman

Maaring gamitin ang sumusunod na halo ng lupa o "media"



Mainam din gamitin ang inuling na ipa(carbonized rice hull) kung walang kwerdas (coir dust)

## Iplano ang mga halamang itatanim at kung kailan itatanim

- Itanim ang halamang kinakain ng pamilya at angkop sa panahon

## Maghanda ng plano o layout ng garden

Halimbawa:

Sitaw	Ampalaya
c	d
Pechay	Talong
A	B

## Iplano ang pagkakasunud-sunod ng pagtatanim (crop rotation plan)

Halimbawa

Lokasyon	Panahon ng pagtatanim		
	Una	Pangalawa	Pangatlo
Plot A	Pechay	Talong	Sitaw
Plot B	Talong	Sitaw	Kamatis
Plot C	Sitaw	Pechay	Ampalaya
Plot D	Ampalaya	Sitaw	Talong

## Ihanda ang mga gagamitin sa pagtatanim

- Binbing pananim o punla
- Kompos/pataba sa halaman
- Pangunahing kasangkapan sa pagtatanim (dulos, pandilig, pala, asarol, kalaykay atbp.)

## Mga Dapat Tandaan

1. Ihandang maigi ang lupang taniman. Siguraduhing naaarawan at may sapat na sustansya.
2. Pagplanuhang maigi ang layout ng garden.
3. Gumamit ng mga magandang variety ng halaman. Makabubuting magtanim ng mga open pollinated varieties (OPV) upang makapagtabi ng buto at magamit muli sa susunod na pagtatanim nang hindi nababago ang katangian.
4. Magtanim ng halaman na naaayon sa Panahon.
5. Piliin ang mga halaman na dapat magkakasama.
6. Alisin ang damo sa taniman.
7. Kontrolin ang peste. Maaaring gumamit ng mga natural na paraan ng pagkontrol sa peste.
8. Diligan ng tama ang mga tanim.
9. Anihin ang halaman kapag sapat na ang gulang.
10. Mag-imbak ng buto.

## References:

Gardening channel. 2020. 7 Top Gardening tips for a successful garden season. <https://www.gardeningchannel.com/7-habits-of-highly-productive-gardeners/>

University of Illinois Extension.2020. Illinois Vegetable Garden Guide. <https://web.extension.illinois.edu/vegguide/step02.cfm>